7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 7)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** James Cesar A. Metiam at Edward Allan L. Martinez

**Tagasuri:** Rowena R. Hibanada

**Ilustrador:**

**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.


**VALUES EDUCATION/ KUWARTER 1 / BAITANG 7**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad upang malinang ang kahandaan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa kahandaan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng *emergency kit* o katumbas nito batay sa sariling kakayahan<br>a. Nakakikilala ng mga wastong pagtugon sa panahon ng kalamidad<br>b. Naipaliliwanag na ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad ay paraan upang mailigtas ang buhay, malinang ang kahandaan sa pagharap sa mga panganib, mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao at makatulong sa kaligtasan ng kapuwa alinsunod sa mga alituntunin ng awtoridad<br>c. Nailalapat ang mga pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | Kahandaan<br>*(Preparedness)* |
| **E. Nilalaman** | Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad<br>a. Mga Uri at Karaniwang Kalamidad sa Pilipinas<br>b. Epekto ng mga Kalamidad<br>c. Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad |
| **F. Integrasyon** | |

| | |
|---|---|
| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | • CFE-DM. (2018, March). Philippines: Disaster Management Reference Handbook. ReliefWeb. https://reliefweb.int/report/philippines/philippines-disaster-management-reference-handbook-march-2018<br>• Dela Cruz, A. (2015, March 8). 8 siyudad sa Pinas, madalas bisitahin ng kalamidad. Pilipino Star Ngayon. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2015/03/08/1431168/8-siyudad-sa-pinas-madalas-bisitahin-ng-kalamidad<br>• Executive Order No. 66, s. 2012. (2012, January 9). Official Gazette of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2012/01/09/executive-order-no-66-s-2012/<br>• National Disaster Risk Reduction and Management Council. (n.d.). Ang Public Storm Warning sa Pilipinas. Official Gazette of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/laginghanda/ang-public-storm-warning-sa-pilipinas/<br>• NCIPR3. (n.d). Narito ang mga dapat gawin bago, habang, at pagkatapos ng bagyong KardingPH [Blog post]. https://www.ncipr3.com/narito-ang-mga-dapat-gawin-bago-habang-at-pagkatapos-ng-bagyong-kardingph/<br>• OurHappySchool. (n.d.). Kalamidad sa Pilipinas: Kahulugan, Mga Halimbawa, Mga Epekto. https://ourhappyschool.com/Kalamidad-sa-Pilipinas-Kahulugan-Mga-Halimbawa-Mga-Epekto<br>• Philippine Cultural Education. (n.d.). Bulkang Pinatubo. https://philippineculturaleducation.com.ph/bulkang-pinatubo/<br>• Philippine Star. (2014, Marso 3). GMA Network unveils 'I'm Ready' public safety portal. https://www.philstar.com/business/technology/2014/03/03/1296311/gma-network-unveils-im-ready-public-safety-portal<br>• Safesteps. (n.d.). Natural Disasters. https://safesteps.com/main/Filipino/natural-disasters/ |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Muling balikan ang mga konseptong tinalakay noong nakaraang aralin.<br><br>Tanungin ang mga mag-aaral:<br><br>Bakit mahalaga ang magtipid at mag-impok? | Inaasahang mapapalawak ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagtitipid at pagiimpok. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | 1. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**HULAAN ANG SALITA.** Hulaan ang salita sa pamamagitan ng mga simbolo, letra, o larawan na nakapaloob sa bawat kahon. Pagkatapos mahulaan ang tamang sagot, magbigay ng maikling depinisyon batay sa napag-aralan.<br><br>1. <br><br>Sagot: ________________<br>Maikling Depinisyon:<br>________________________________________________ | (*Maaring gumamit ng iba pang angkop na larawan)*<br><br>**HULAAN ANG SALITA**<br>Mahalagang gumamit ng mga malilinaw na larawan upang mas lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang gawain.<br><br>Inaasahang sagot:<br>**1. Bagyo**<br>(*Bag + You*)<br>**2. Lindol**<br>(*Lips* – PS + n + *doll*)<br>**3. Baha**<br>(*Bat* – t + *hat*– G)<br>**4. Landslide (Pagguho ng Lupa)**<br>(*Land + Slide*) |





2.

Sagot: ________________
Maikling Depinisyon:

___________________________________________________________


3.




Sagot: ________________
Maikling Depinisyon:

___________________________________________________________

4.



Sagot: ________________
Maikling Depinisyon:

___________________________________________________________

**Inaasahang Sagot:**
**Kalamidad** - pangyayaring likas o gawa ng tao na maaaring magdulot ng pinsala
**Kahandaan** – kalagayan ng pagiging handa sa anomang sitwasyon

**Bagyo** - *weather system* na may malakas na hanging kumikilos nang paikot na madalas may kasamang

| | | |
|---|---|---|
| | Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang tawag sa mga ito (bagyo, baha, lindol, *landslide* at pagputok ng bulkan)<br><br>**KAHANDAAN**<br>**KALAMIDA** **BAGYO**<br>**STORM** **STORM**<br>**LINDOL** **BAHA**<br>**FLASHFLO** **LANDSLIDE**<br>**TSUNAMI** **BUHAWI**<br>**PAGSABOG NG**<br><br>*Inaasahang sagot:*<br>**KALAMIDAD**<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Pumili ang isang salitang nasa loob ng kahon at ibigay ang kahulugan nito. | kulog, kidlat, at malakas at matagal na pag-ulan<br>**Storm Surge** - hindi pangkaraniwan o abnormal na pagtaas ng tubig-dagat<br>**Storm Tide** - kombinasyon ng *storm surge* at *astronomical tide*<br>**Baha** - pagtaas ng tubig nang higit sa kapasidad ng ilog at ibang daluyan ng tubig<br>**Flashflood** - rumaragasang agos ng tubig na may kasamang banlik, putik, bato, kahoy, at iba pa<br>**Lindol** - biglaan at mabilis na pagyanig o paggalaw ng fault sa ibabaw ng daigdig o earth crust.<br>**Landslide** - agbagsak ng lupa, putik, o malalaking bato dahil sa pagiging mabuway ng burol o bundok<br>**Tsunami** - malalaking along nabubuo sa ilalim ng dagat<br>**Pagsabog ng Bulkan** - mapanganib na kalamidad na dulot ng pagpapakawala ng lava mula sa bunganga ng bulkan<br>**Buhawi** - isang marahas, mapanganib, at umiikot na kolumna ng hangin na dumarapo o sumasayad sa kalatagan ng lupa. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **a. Kaugnay na Paksa 1: Mga Uri at Karaniwang Kalamidad sa Pilipinas** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang mga kalamidad ay mga pangyayaring likas o gawa ng tao na maaaring magdulot ng pinsala sa buhay, ari-arian, at kabuhayan ng mga tao, at maaaring humantong sa paghinto ng mga aktibidad sa lipunan at ekonomiya ng isang komunidad. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng malubhang pagbabago at panganib.<br><br>Ilan sa mga natural na kalamidad o sakunang madalas maganap sa Pilipinas ay ang mga sumusunod:<br><br>**Bagyo**<br>Ito ay isang *weather system* na may malakas na hanging kumikilos nang paikot na madalas may kasamang kulog, kidlat, at malakas at matagal na pag-ulan. Ito ay isang higanteng buhawi. Sa mata ng bagyo ay walang hangin subalit malakas naman ang hangin sa *eyewall* nito.<br><br>Ang isang malupit na bagyong humagupit sa Pilipinas ay ang bagyong Yolanda na nanalasa noong Nobyembre 8, 2013 kung saan maraming nasirang pag-aari at binawian ng buhay.<br><br>Mga *Public Storm Warning* sa Pilipinas<br><br>Ang *signal number* sa isang lugar ay nakabatay sa tindi, laki ng sirkulasyon, direksiyon, at bilis ng isang bagyo sa sandaling inilabas ang isang *Public Storm Warning Signal.*<br>Nakabatay rin sa mga ito ang pagbabago ng *Public Storm Warning Signal* ng isang lugar.<br>***Signal #1*** - Inaasahan ang hanging may bilis na 30 hanggang 60 kph | Habang tinatalakay ang mga uri ng kalamidad, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang saloobin sa mga kalamidad na kanilang naranasan na. |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga Paalala:<br>• Kapag lumakas at kumilos papalapit ang bagyo, maaaring itaas ang *warning signal*.<br>• Pinapayuhan ang lahat na makinig sa pinakahuling ulat-panahon mula sa PAGASA kada anim na oras.<br>• Maaaring isagawa ang pang-araw-araw na mga trabaho at gawain maliban na lang kung bumaha.<br>• Inilalagay sa alert status ang *disaster preparedness units*. Ibig sabihin, itinaas na ang pagkaalerto ng mga pangkat na tutugon sa epekto ng bagyo.<br><br>***Signal #2*** - Inaasahan ang hanging may bilis na 60 kph hanggang 100 kph sa loob ng 24 oras.<br><br>Mga Paalala:<br>• Mapanganib sa maliliit na sasakyang pandagat ang karagatan pati na ang mga dalampasigan.<br>• Higit na atensiyon ang kailangang ibigay sa pinakahuling posisyon, direksiyon, bilis, at lakas ng bagyo habang kumikilos ito patungo sa isang lugar.<br>• Pinag-iingat ang publiko lalo na ang mga naglalakbay sa karagatan.<br>• Huwag palalabasin ng bahay ang mga bata.<br>• Itago o ihanda ang mga ari-arian bago pa tumaas ang *warning signal*.<br>• Kumikilos na ang *disaster preparedness agencies/organizations* para paghandain ang kanilang mga komunidad.<br><br>***Signal #3*** - Inaasahan ang hanging may bilis na 100 kph hanggang 185 kph sa loob ng 18 oras. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga Paalala:<br>• Delikado ang lagay ng panahon sa mga apektadong lugar.<br>• Lubhang delikado sa lahat ng uri ng sasakyang pandagat ang karagatan at mga dalampasigan.<br>• Mapanganib ang paglalakbay lalo na sa dagat at papawirin.<br>• Pinapayuhan ang lahat na manatili sa mga gusaling matibay ang pagkakatayo, lumikas sa mabababang lugar, at lumayo sa mga pampang ng ilog o sa mga dalampasigan.<br>• Maging alerto sa pagdaan ng mata ng bagyo na maaaring matukoy sa pamamagitan ng biglang pagbuti ng panahon na agad namang susundan ng pagsama, na may dalang malalakas na hangin na madalas na nagmumula sa hilaga.<br>• Kapag tumama na sa lugar ang mata ng bagyo, huwag lumabas sa lugar na tinitigilan dahil makalipas lang ang isa hanggang dalawang oras, babalik din ang pinakamasamang lagay ng panahon na may dalang ubod ng lakas na hangin galing timog.<br>• Suspendido ang mga klase sa lahat ng antas at hindi dapat pinapayagang lumabas ng bahay ang mga bata.<br>• Nagbibigay na ng nararapat na pagtugon sa mga *emergency* ang mga *disaster preparedness unit.*<br><br>***Signal #4*** - Inaasahan ang hanging may bilis na 185 kph o mahigit pa sa loob ng 12 oras.<br><br>Mga Paalala:<br>• Maaaring maging sanhi ng matinding pagkawasak sa komunidad ang sitwasyon.<br>• Dapat kanselahin ang lahat ng biyahe. Manatili sa loob ng bahay.<br>• Dapat nang maisagawa ang lahat ng paglikas patungo sa mas ligtas na lugar. Malaki ang posibilidad na tamaan ang lugar ng mata ng bagyo. | |

| | | |
|---|---|---|
| | • Habang papalapit ang mata ng bagyo, patuloy ang paglala ng lagay ng panahon, na may hatid na mga hanging galing hilaga, papalakas hanggang sa pinakamatindi nito.<br>• Isang biglang pagbuti ng panahon ang mararanasan, na nangangahulugang nasa ilalim na ng mata ng bagyo ang lugar.<br>• Depende sa laki at bilis ng mata ng bagyo, ang biglang pagbuti ng panahon ay maaaring tumagal ng isa hanggang dalawang oras.<br>• Habang lumalabas sa lugar ang mata ng bagyo, lalong sasama ang lagay ng panahon, kasabay ng lalong pinalakas na hangin na madalas ay galing sa timog.<br>• Ganap nang tumutugon sa *emergency* ang *disaster coordinating councils* at iba pang *disaster response organizations*.<br><br>***Super Typhoon*** - Inaasahan ang hanging may bilis na 220 kph o mahigit pa sa loob ng 12 oras.<br><br>Mga Paalala:<br>• Maaaring maging sanhi ng ubod ng tinding pagkawasak o delubyo sa komunidad.<br>• Dapat kanselahin ang lahat ng biyahe. Manatili sa loob ng bahay.<br>• Dapat nang maisagawa ang lahat ng paglikas patungo sa mas ligtas na lugar. Malaki ang posibilidad na tamaan ang lugar ng mata ng bagyo.<br>• Habang papalapit ang mata ng bagyo, patuloy ang paglala ng lagay ng panahon, na may hatid na mga hanging galing hilaga, papalakas hanggang sa pinakamatindi nito.<br>• Isang biglang pagbuti ng panahon ang mararanasan, na nangangahulugang nasa ilalim na ng mata ng bagyo ang lugar. | *Source: DepEd Order No. 037, s. 2022* at *Executive Order No. 66, s. 2012* |

| | | |
|---|---|---|
| | • Depende sa laki at bilis ng mata ng bagyo, ang biglang pagbuti ng panahon ay maaaring tumagal ng isa hanggang dalawang oras.<br>• Habang lumalabas sa lugar ang mata ng bagyo, lalong sasama ang lagay ng panahon, kasabay ng lalong pinalakas na hangin na madalas ay galing sa timog.<br>• Ganap nang tumutugon sa emergency ang *disaster coordinating councils* at iba pang *disaster response organizations*.<br><br>Awtomatikong Kanselasyon/Suspensyon ng Klase<br>*Signal #1* – Walang pasok sa *Kindergarten*<br>*Signal #2* – Walang pasok sa *Kindergarten, Elementarya, Junior High School* at *Senior High School.*<br>*Signal #3* - Walang pasok sa *Kindergarten, Elementarya, Junior High School, Senior High School*, Kolehiyo at *Graduate School.*<br><br>***Storm Surge at Storm Tide***<br>Magkaiba ang *storm surge* at *storm tide*. Ang *storm surge* o daluyong ay ang hindi pangkaraniwan o abnormal na pagtaas ng tubig-dagat na kaugnay ng *low pressure weather system* gaya ng mga *tropical cyclone* at malalakas na extratropical cyclone.<br><br>Sa *storm tide* naman, ang water level ng dagat ay tumataas dahil sa kombinasyon ng *storm surge* at *astronomical tide*. Sa *storm surge* at *storm tide* ay parehong maaaring makaranas ng matinding pagbaha sa *coastal areas* o mga baybayin at maging sa karatig na pook lalo na kung ang dalawa ay masasabay pa sa *normal high tide*.<br><br>**Baha**<br>Ito ang pagtaas ng tubig nang higit sa kapasidad ng ilog at ibang daluyan ng tubig bunga ng pag-apaw nito sa lupa o sa mga lugar na | |

| | | |
|---|---|---|
| | hindi karaniwang inaabot nito. Ang ilan sa mga sanhi nito ay ang labis na pag-ulan, biglaang pagbuhos ng malakas na ulan o *thunderstorm*, at tuloy-tuloy na pag-ulan, biglaang pagbuhos ng malakas na ulan o thunderstorm, at tuloy-tuloy na pag-ulan sa loob ng ilang araw. Ang pagbaha sa kasalukuyan ay tila baga nagiging pangkaraniwan na lamang sa maraming lugar sa Pilipinas.<br><br>Isang halimbawa nito ang Bagyong Ondoy na nanalasa noong Setyembre 2009 na nagpalubog sa buoong Kamaynilaan at mga bahagi ng Luzon.<br><br>***Flashflood***<br>Ito ay ang rumaragasang agos ng tubig na may kasamang banlik, putik, bato, kahoy, at iba pa. Bagaman mabilis ang pagdating ng *flashflood*, mabilis din ang paghupa nito. Ang pangkaraniwang sanhi nito ay ang malakas na pag-ulan.<br>Isang halimbawa nito ang labing limang minutong *flashflood* na naranasan sa lungsod ng Ormoc noong Nobyembre 5, 1991 dahil sa Bagyong Uring. Tinatayang aabot sa 8,000 na tao ang namatay dahil dito.<br><br>**Lindol**<br>Ito ang biglaan at mabilis na pagyanig o paggalaw ng *fault* sa ibabaw ng daigdig o *earth crust.* Maaaring ang lindol ay *volcanic* o paglindol na ang sanhi ay ang pagsabog ng bulkan. Bunga nito ay ang paggalaw ng magma sa ilalim ng bulam na siya namang sanhi ng paggalaw ng lupa. Maaari ding tectonic ang isang lindol kapag may nagaganap na pag-uga o paggalaw sa ilalim ng daigdig. Ang malakas na uri nito at ang mga nakasisindak na epekto nito ang isa sa pinakanakakatakot at mapanirang pangyayari sa kalikasan.<br><br>Ang lindol na naganap noong Hulyo 16, 1990 na may magnitude 7.8 ay yumanig sa buong Luzon at kumitil ng maraming buhay. | |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Landslide* o Pagguho ng Lupa**<br>Ito ay ang pagbagsak ng lupa, putik, o malalaking bato dahil sa pagiging mabuway ng burol o bundok. Ang pangkaraniwang sanhi nito ay ang malalakas o tuloy-tuloy na pag-ulan o hindi kaya naman ay paglindol.<br><br>Ang isang halimbawa nito ay ang Cherry Hills *landslide* noong taong 1999. Dahil sa malakas na bagyong Ising, maraming naapektuhan sa *Cherry Hills Subdivision* sa lungsod ng Antipolo. Ang ibang mga bahay ay pumaibaba kasama ng landslide at ang ibang mga tao ay namatay at nalibing ng buhay sa putik at kongkreto.<br><br>**Tsunami**<br>Ito ay malalaking along nabubuo sa ilalim ng dagat sanhi ng paglindol, pagsabog ng bulkan, pagguho ng lupa, malaking pagtama ng maliit na bulalakaw, at pagsubok ng mga kagamitang nukleyar o atomiko sa karagatan. Kilala rin ito sa tawag na seismic sea waves (iba pa ito sa *tidal waves).*<br><br>Ang halimbawa nito ay ang tsunami sa Japan noong March 2011 na dulot ng paglindol.<br><br>**Pagsabog ng bulkan**<br>Ito ay isang mapanganib na kalamidad na dulot ng pagpapakawala ng *lava* mula sa bunganga ng bulkan. Noong January 12, 2020 ay sumabog ang Bulkang Taal sa Batangas na nagbuga ng mga ashes sa Metro Manila, Calabarzon at ilang bahagi ng Central Luzon at Ilocos Region.<br><br>**Buhawi**<br>Ito ay tinatawag ding alimpuyo, *tornado*, o ipuipo. Ito ay isang marahas, mapanganib, at umiikot na kolumna ng hangin na | **Pagsabog ng bulkan:**<br>Pagkatapos bigyan ng palaisipan ang mga mag-aaral:<br><br>May Ideya ba kayo kung ano ang pinakamalakas na pagsabog na naranasan ng Pilipinas noong ika - 19 na siglo (*20th Century*)?<br><br>“Nagising” bigla ang Bulkang Pinatubo noong 15 Hunyo 1991 at naging malaking balita sa buong mundo. Itinuring itong pangalawa sa pinakamalakas na pagyanig ng lupa, pagkatapos ng Katmai-Novarupta sa Alaska noong 1912. Isang artikulo sa New York Times ang nagsa-bing ito ang pinaka-malaking lindol sa ika-20 siglo.<br>**Source:**<br>https://philippineculturaleducation.com.ph/bulkang-pinatubo/ |

| | | |
|---|---|---|
| | dumarapo o sumasayad sa kalatagan ng lupa. Ito ay karaniwang nabubuo kasama ng isang thunderstorm. Ang malamig na hangin sa himpapawid ay baba sa kalupaan samantalang ang mainit na hangin sa ibaba naman ay aakyat nang paikot.<br><br>Ang hindi pagiging handa sa kalamidad ay maaaring magdulot ng maraming negatibong epekto sa indibidwal, komunidad, at lipunan. Narito ang ilan sa mga epekto nito:<br><br>- Mas malaking pinsala: Kapag walang sapat na kahandaan, maaaring magresulta ito sa mas malaking pinsala sa buhay at ari-arian, na maaaring magdulot ng mas mataas na bilang ng mga nasaktan o namatay, pati na rin sa pagkasira ng mga tahanan at imprastruktura.<br>- Pagkawala ng buhay at kabuhayan: Ang kakulangan sa paghahanda sa kalamidad ay maaaring magdulot ng pagkawala ng buhay at kabuhayan ng mga tao, na maaaring magresulta sa mas mataas na bilang ng mga namatay at pamilya na nawalan ng tirahan at kabuhayan.<br>- Pagtaas ng kahirapan: Ang kalamidad ay maaaring magdulot ng malawakang pinsala sa ekonomiya, na maaaring magresulta sa malaking gastos ng pamahalaan sa rehabilitasyon at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga apektadong komunidad.<br>- Paglala ng sakit at karamdaman: Ang hindi pagiging handa sa kalamidad ay maaaring magresulta sa pagtaas ng sakit at karamdaman, lalo na kung walang sapat na plano at hakbang sa kalusugan sa panahon ng kalamidad.<br><br>Samakutid, ang kakulangan sa pagiging handa sa kalamidad ay maaaring magkaroon ng malawakang epekto sa kalusugan, ekonomiya, at seguridad ng mga tao at komunidad. Kaya't mahalaga ang pagpaplano, paghahanda, at pagtugon sa mga kalamidad upang mapanatili ang kaligtasan at kagalingan ng lahat.<br><br>**IKALAWANG ARAW** | Maaaring magdagdag ng pangkat kung kinakailangan |

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Panuto:** Kumpletuhin ang **KAKASA Tsart** sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sumusunod na impormasyon: ang kalamidad, kahulugan nito at sanhi. Iuulat sa klase ang *output* ng pangkat.

| KAlamidad | Kahulugan | SAnhi |
|---|---|---|
| • | • | 1.<br>2.<br>3. |

**Pangkat 1:** *Bagyo*
**Pangkat 2:** *Baha*
**Pangkat 3:** *Lindol*
**Pangkat 4:** *Landslide*
**Pangkat 5:** *Pagputok ng Bulkan*

**RUBRIK NG PAGMAMARKA**

| Mga Kraytirya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A. Nilalaman** | Tumpak at kumpleto ang kahulugan, mga sanhi at mga epekto ng kalamidad. | Hindi malinaw ilan sa kahulugan, mga sanhi at mga epekto ng kalamidad. | Hindi malinaw ang ibinigay na kahulugan, mga sanhi at mga epekto ng kalamidad. | Mali ang kahulugan, mga sanhi at mga epekto ng kalamidad. |
| **B. Presentasyon** | Organisado at naipakita ang kahandaan ng pangkat. Malinaw ang pagkakaulat. | Maayos ngunit hindi malinaw ang pagkakaulat. | Maayos ngunit may pagkakamali sa presentasyon. | Magulo at hindi handa ang pangkat. |
| **C. Takdang Oras** | Natapos sa itinakdang oras | Lumagpas ng 4-5 minuto sa itinakdang oras | Lumagpas ng 6-10 minuto sa itinakdang oras | Lumagpas ng 10-15 minuto sa itinakdang oras |

Pamprosesong tanong:

1. Alin sa mga kalamidad ang *acts of nature* ang sanhi? (Bagyo, lindol at pagputok ng bulkan)
2. Alin naman sa mga kalamidad ang *acts of man* ang sanhi? (baha at landslide)
3. Bilang mag-aaral, ano ang iyong magagawa upang makabawas sa mga sanhi ng kalamidad?

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Paglalapat at Pag-uugnay**
Sa gawaing ito, natutukoy ang mga <u>iba't ibang epekto ng mga kalamidad</u>.

Atasan ang bawat pangkat ng kanilang kalamidad na kanilang pag-aaralan.

Halimbawa:
**Pangkat 1** - *Bagyo*
**Pangkat 2** – *Baha*
**Pangkat 3** – *Landslide*
**Pangkat 4** – *Lindol*
**Pangkat 5** - *Pagputok ng Bulkan*

Maaaring magdagdag ng pangkat kung kinakailangan.

Gawing takdang-aralin kung hindi matatapos sa oras.

Magsaliksik tungkol sa mga pangyayaring naganap sa Pilipinas na may kinalaman sa kalamidad. Tukuyin kung kailan ito naganap, ang mga epekto nito sa tao, kalikasan at ekonomiya.

| KALAMIDAD | TAON | EPEKTO sa | |
|---|---|---|---|
| | | **TAO** | |
| | | **KALIKASAN** | |
| | | **EKONOMIYA** | |
| **Sanggunian** | | | |

**Pamprosesong tanong:**


1. Ano ang naramdam o napagtantuhan mo pagkatapos magsaliksik tungkol sa mga epekto ng kalamidad sa tao, sa kalikasan, at sa ekonomiya.
2. Ano ang mahahalagang aral ang iyong natutunan mula sa gawain
3. Anong paghahanda ang iyong gagawin upang maging handa sa susunod na mga kalamidad?


Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ng *Emergency Go Bag o Emergency Kit.*

| | | |
|---|---|---|
| | **Kaugnay na Paksa 2: Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad**<br><br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang pansariling pagtugon ay tumutukoy sa pansariling kilos at mahahalagang aspeto ng paghahanda sa oras ng kalamidad. Sa panahon ng mga kalamidad tulad ng bagyo, lindol, pagputok ng bulkan, o iba pa, ang kakayahan na magpatupad ng tamang hakbang at pamamaraan sa bawat yugto ng kalamidad ay naglalarawan ng kahandaan at kakayahan na harapin at malagpasan ang mga hamon dulot nito.<br><br>Narito ang mga pangunahing hakbang na dapat gawin bago, habang, at pagkatapos ng kalamidad:<br><br>**Bago: Tumutok sa mga Ulat ng Panahon**<br>1. Alamin ang balita ukol sa panahon at mga anunsyong pangkaligtasan<br>2. Alamin ang plano ng komunidad sa pagbibigay-babala at paglikas<br>3. Suriin ang bahay at kumpunihin ang mga mahina o sirang bahagi nito<br>4. Ihanda ang ***Emergengy GO BAG*** na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya tulad ng pagkain damit gamot *flashlight* etc.<br>5. Ilikas ang m alagang hayop a ligtas na lugar.<br>6. Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa itinakdang *evacuation center* | Ang *Emergency Go Bag* ay ang madaling bitbitn na *bag* na naglalaman ng mga pangunahing kakailanganin sa panahon ng *emergency* dulot ng kalamidad.<br><br>Gumawa ng palabunutan kung saan bubunot ang bawat mag-aaral ng uri ng kalamidad na kanilang gagawan ng sariling pagtugon. |

| | | |
|---|---|---|
| | 7. Gumawa ng *family evacuation plan* – ang ruta kung saan mas mabilis na makakarating sa *Evacuation area*<br><br>**Habang: Manatiling Alerto**<br>1. Manatiling mahinahon.<br>2. Manatali sa loob ng bahay o evacuation center<br>3. Makinig sa pinakabagong balita at taya o kalagayan ng panahon.<br>4. Patayin ang *main switch* ng kuryente at *valve* ng tubig.<br>5. Maging maingat sa paggamit ng kandila o gasera.<br>6. Umiwas sa mga bagay na maaaring bumagsak o masira, tulad ng salaming bintana at aparador.<br>**Pagkatapos: Maging Alerto at Mag-ingat**<br>1. Hintayin ang abiso ng kinauukulan ng ligtas ng bumalik sa tahanan.<br>2. Umiwas sa mga natumbang puno, nasirang gusali at linya ng kuryente<br>3. Huwag gumala upang hindi maabala ang *emergency services.*<br>4. Maging maingat sa pagsasaayos ng mga nasirang bahagi ng bahay.<br>5. Siguraduhing walang basa o nakababad na *outlet* o kagamitan bago buksan ang linya ng kuryente.<br><br>Sa pamamagitan ng wastong paghahanda at kooperasyon, ang mga bawat indibidwal ay maaaring maging bahagi ng solusyon sa panahon ng kalamidad.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Magbigay ng limang angkop at konkretong pansariling tugon bago, habang at pagkatapos ng kalamidad.<br><br>Kalamidad: ____________<br><br>Paghahanda Bago Dumating ang Kalamidad:<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br>Mga Dapat Gawin Habang may Kalamidad:<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br>Mga Dapat Gawin Pagkatapos ng Kalamidad:<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br><br>Pamprosesong tanong:<br><br>Sa iyong palagay, paano mo masusunod at magagamit ng wasto ang iyong itinalang tugon sa panahon ng kalamidad. | Talakayin ang mga mahahalagang bagay ng dapat isama sa *emergency kit* o *emergency go bag* tulad ng mga sumusunod:<br><br>1. *Emergency Gear* (tulad ng *flashlight, multiple purpose knife, lighter* o posporo at iba pa.<br>2. Inuming tubig<br>3. Pagkain<br>4. Hygience Kit (tulad ng *toothbrush* at *toothpaste*, sabon at iba pa.)<br>5. Importanteng papeles (tulad ng *Birth Certificate, passport*, titulo ng lupa at iba pa) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
______________________________________________________________<br>
______________________________________________________________<br>
______________________________________________________________<br>
______________________________________________________________<br>
______________________________________________________________<br>
________________________________<br>
<br>
IKAAPAT NA ARAW<br>
<br>
III. Paglalapat at Pag-uugnay<br>
<br>
Panuto: Gumuhit ng sampung (10) nararapat na nilalaman ng Emergency Go Bag upang maging handa sa mga kalamidad. Iguhit ang mga ito sa loob ng bag at lagyan ng label.<br>
<br>
Pamprosesong tanong:<br>
1. Ano ang mga pangunahing pangangailangan na dapat isama sa isang emergency go bag?
</td>
<td>
6. Gamot<br>
7. First-aid Kit
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano ang mga importanteng dokumento na kailangan mong isama sa iyong *emergency go bag*?<br>3. Paano mo paghahandaan ang iba't ibang klaseng mga kalamidad sa pagpili ng mga kagamitan sa iyong *emergency go bag*?<br>4. Paano mo masusuri kung ang iyong *emergency go bag* ay handa na para sa anumang kalamidad?<br>5. Paano mo gagamitin ang iyong emergency go bag sa panahon ng kalamidad upang mapanatili ang iyong kaligtasan at kapanatagan? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Panuto:** Mag-isip ng mga salita na maiuugnay mo sa salitang "KALAMIDAD" at isulat sa mga bilog upang makumpleto ang *web diagram*.<br><br> | Gawing takdang-aralin kung hindi matatapos sa oras |

Mula sa mga naitalang kasagutan sa *web diagram*, bigyang kahulugan ang salitang "KALAMIDAD."

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
________________________________________

**Pagninilay sa Pagkatuto**

Gumawa ng isang tula sa anyong anapora na kung saan ang mga paunang salita ay nagsisimula sa ***I AM READY.*** Tiyakin na ito ay maiuugnay sa pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad.

***I AM READY*** ______________________________________________

***I AM READY*** ______________________________________________

***I AM READY*** ______________________________________________

***I AM READY*** ______________________________________________

Rubrik para sa Tula

| Pamantayan | Magaling (5) | Magaling-galing (4) | Magaling (3) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | | | |

**Pagninilay:**

***"I AM READY"*** serbisyo publiko ng *GMA network news* na naglalayong magbigay ng napapanahong ulat at paghahanda sa oras ng krisis at kalamidad.

Maaring higit pa sa isang saknong ang magawa ng mag-aaral.

Ang anapora ay isang uri ng tayutay na tumutukoy sa paggamit ng pare-parehong simula ng mga taludtod o pangungusap sa bawat saknong ng tula.

Maaaring isulat sa Filipino language ang gagawing tula, ngunit ang bawat umpisa ay nagsisimula sa I AM READY.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ang tula ay may malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng paghahanda sa mga kalamidad. Ang bawat paunang salita na nagsisimula sa "I AM READY" ay may kaukulang koneksyon sa tema. | | | |
| Ideya<br>Ang tula ay may magandang pagpapahayag ng ideya tungkol sa pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad. Ang mensahe ng tula ay malinaw at mabisa. | | | |
| Kahusayan<br>Ang tula ay nagpapakita ng kahusayan sa paggamit ng anyong anapora at may orihinal na pagpili at paggamit ng mga salita sa bawat taludtod. | | | |
| Kaugnayan<br>Ang bawat taludtod ay may malinaw na kaugnayan sa tema ng paghahanda sa kalamidad at ang bawat paunang salita ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagiging handa. | | | |

Gawing takdang-aralin kung hindi matatapos sa oras

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Estilo at Estruktura<br>Ang tula ay may maayos na estruktura at estilo na nagpapakita ng kaaya-ayang pagkakasulat. Ang bawat taludtod ay may tamang pagkakasunod-sunod at kumpas. | | | |
| Kasanayan sa Wika<br>Ang paggamit ng wika ay nagpapakita ng kahusayan at kalinawan sa pagpapahayag. | | | |
| Kabuoang Iskor | | | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **1. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sumusnod na katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.<br><br>1. Ito ay tumutukoy sa mga delikadong pangyayari na nagdudulot ng malaki at kadalasang biglaang pinsala at pagkawasak sa tao, kalikasan at ekonomiya.<br>*A. Climate Change*<br>*B. Global Warming*<br>C. Ilegal na Pagmimina<br>D. Kalamidad<br><br>2. Ito ay isa sa mga dahilan ng pagguho ng lupa sa mga kabundukan kaya ipinagbabawal ng pamahalaan ang pagsasagawa nito. | Sagot:<br>1. D<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. C<br>6. D<br>7. A<br>8. A<br>9. D<br>10. C |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | *A. Climate Change*<br>*B. Global Warming*<br>C. Ilegal na Pagmimina<br>D. Pagsusunog ng basura<br><br>3. Ano ang maaaring mangyari sa hindi pagsunod sa paalala ng bawat *storm signal*?<br>A. Walang mangyayari, dahil hindi naman totoo ang mga ito.<br>B. Maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa mga ari-arian at buhay ng mga tao.<br>C. Makakatulong ito sa paglilinis ng hangin at pagpapalakas ng ekonomiya.<br>D. Magiging masaya ang lahat at walang problema sa panahon ng bagyo.<br><br>4. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng kalamidad sa ekonomiya?<br>A. Emosyonal na trauma at stress sa mga biktima.<br>B. Pagkawala ng buhay at pinsalang pisikal sa mga apektadong indibidwal.<br>C. Pagkasira ng kalikasan.<br>D. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo.<br><br>5. Alin sa mga sumusnod ang epekto ng kalamidad sa kalikasan?<br>A. Kakulangan sa trabaho at oportunidad.<br>B. Pagkawala ng tahanan at kabuhayan ng maraming tao.<br>C. Pagtaas ng antas ng polusyon sa hangin tubig at lupa.<br>D. Pagkawala ng buhay at pinsalang pisikal sa mga apektadong indibidwal.<br><br>6. Ang paghahanda sa kalamidad ay responsibilidad ng ____________________.<br>A. pamahalaan<br>B. mamamayan<br>C. mag-aaral<br>D. lahat ng nabanggit | **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | 7. Ang wastong paghahanda ng *Emergency Go Bag* ay ginagawa __________________.<br>A. bago dumating ang kalamidad<br>B. habang nangyayari ang kalamidad<br>C. pagkatapos ng kalamidad<br>D. tuwing kapanahunan ng kalamidad<br><br>8. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng *Emergency Go Bag?*<br>A. Handa ang mga gamit kung kinakailangan ng madaliang paglisan sa lugar.<br>B. Makasusunod sa uso dahil mayroon din ang mga kapitbahay.<br>C. Makapagko-*comply* sa *requirement* ng pamayanan.<br>D. May makukuhang pagkain kapag nagutom sa bahay.<br><br>9. Alin sa mga sumusunod ang nararapat gawin bago pumutok ang bulkan?<br>A. Makipaglaro ng *online games* sa kaibigan.<br>B. Maglinis ng bakuran.<br>C. Mag-*duck, cover and hold*.<br>D. Lumikas sa ligtas na lugar<br><br>10. Ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad ay nagdudulot ng ______________________.<br>A. karagdagang pagdurusa sa mga tao.<br>B. abala sa pang araw-araw na gawain.<br>C. pagtulong sa kaligtasan ng sarili at kapwa.<br>D. pagkabigo sa kahandaan sa pagharap sa mga panganib.<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Panoorin ang *video* ng **“Si Langgam at Si Tipaklong”** sa youtube.<br>*Link*: https://www.youtube.com/watch?v=etg7m23Z6UQ | Alternatibong gawain para sa mga walang *access* ng *internet*:<br>Paggawa ng Sanaysay<br>Ipaliwanag:<br>*“Preparedness is the only way we can combat natural calamities.”* - John Quinlan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Sagutin:<br>1. Tungkol saan ang kuwento?<br>2. Ano ang ginagawa ni Langgam bago dumating ang malakas na ulan o ang kalamidad?<br>3. Ano naman ang ginagawa ni Tipaklong bago dumating ang malakas na ulan o kalamidad?<br>4. Sino kina Langgam at Tipaklong ang dapat tularan? Pangatwiranan.<br>5. Ano ang aral na mapupulot sa kwentong pinanuod at paano mo ito mailalapat sa sarili karanasan. | | | |
| | 1. **Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | | ***Estratehiya*** | | | |
| | | ***Kagamitan*** | | | |
| | | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | | ***At iba pa*** | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 2. **Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |